



# Module 2

*Estratehikong Pagpaplano gamit ang G-ESG*





In partnership with Canada

MEDA PPSA BIG Bayan Innovation Group

# Pagpapakilala sa Gendered-Environmental, Social, Governance (G-ESG) na Pamamaraan

*Introduction to Gendered-Environmental, Social, Governance (G-ESG) Practices*

**Published by:** **Philippines Partnership for Sustainable Agriculture**
**Mennonite Economic Development Associates**

**Author(s)**

**Bayan Innovation Group (BIG)**
Prof. Michael Lawrence De Jesus
Vivienne Leigh De Guzman
Rennzy Louise Sanchez
Jessica Tiamzon

**Philippines Partnership for Sustainable Agriculture (PPSA)**
Suzie Hope Vanidad
Veronica Limpin
Monica Micaela Milano
Ma. Angela Primitiva Bautista
Krisha Marie Mecija

**Mennonite Economic Development Associates (MEDA)**
Roderick Valones
Omoneka Oyier
Anika Funk
Reine Kathryn Rala
Yasir Dildar

**Translations** Jezreyll James Cabasag

**Philippines Partnership for Sustainable Agriculture**
**Unit 1114 (11/F) Cityland 10, Tower 1, 156 HV De La Costa Corner Valero Streets, Makati City, Philippines**

**©This publication, in whole or in part, is protected by copyright. Any reuse not explicitly authorized requires permission from the Publisher**

2025

All rights reserved by the Publisher, specifically the rights of reproduction, adaptations, translations, and transmission or information storage and retrieval in electronic systems.
This publication was produced with the financial support of the Government of Canada provided through Global Affairs Canada. Its contents are the sole responsibility of the authors and do not necessarily reflect the views of Global Affairs Canada or MEDA.

In partnership with Canada | MEDA | PPSA Philippines Partnership for Sustainable Agriculture

# Pasasalamat

Ang **Mennonite Economic Development Associates (MEDA) Philippines** at ang **Philippine Partnership for Sustainable Agriculture (PPSA)** ay ikinagagalak na ipresenta ang modyul na ito sa pagsasanay, na binuo sa ilalim ng Resilience and Inclusion through Investment for Sustainable Agrikultura (RIISA) Project.

Ang RIISA Project ay nakatuon sa pagsusulong ng pangkabuhayang inklusibo sa kasarian, napapanatiling kabuhayan, at kapaki-pakinabang na agri-negosyo para sa maliliit na magsasaka ng kakao sa Mindanao. Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng Strategic Learning Agenda (SLA), layunin ng MEDA at PPSA na makabuo ng mga materyales sa pagkatuto at maipalaganap ang mga kaalaman ukol sa Gendered-Environmental, Social, and Governance (G-ESG) practices upang magpasimula ng positibong pagbabago sa loob ng cacao value chain.

Ang modyul na ito ay binuo ng PPSA at **Bayan Innovation Group (BIG)** bilang kauna-unahang grassroots na G-ESG resource na idinisenyo para sa mga magsasaka, prodyuser, kooperatiba sa agrikultura, at mga micro-enterprise. Binibigyang-diin nito ang mga praktikal na aplikasyon ng mga prinsipyong G-ESG na hinango mula sa mga interbensyon ng RIISA Project, upang matiyak ang kaugnayan at pagiging kapaki-pakinabang nito sa antas-komunidad.

Ipinapaabot ng MEDA at PPSA ang taos-pusong pasasalamat sa mga magsasaka, kooperatiba, at micro-enterprise na bukas-loob na nagbahagi ng kanilang mga karanasan at kaalaman na naging batayan sa pagbuo ng manwal na ito. Lubos ding pinasasalamatan ang mga kasapi ng Biao Agrarian Reform Beneficiaries Cooperative (BARBCO) at sina G. Jake Acebo at Gng. Leigh Dioquino ng UP Mindanao sa kanilang aktibong partisipasyon sa pretesting activity. Isang espesyal na pasasalamat din sa BIG para sa kanilang kahusayan at pakikipag-partner upang maisakatuparan ang resource na ito.

Ang manwal na ito ay sumasalamin sa pinagsamang pangako ng MEDA, PPSA, at ng kanilang mga katuwang na palakasin ang mga komunidad ng magsasakang nagtatanim ng kakao at bumuo ng mas inklusibo, matatag, at napapanatiling kinabukasan para sa sektor.

# Kalinangan at Konteksto

Ang **Proyektong Resilience and Inclusion through Investment for Sustainable Agrikultura (RIISA)**, sa pangunguna ng Mennonite Economic Development Associates (MEDA) Philippines, ay nakatuon sa pagpapaunlad ng gender-inclusive, sustenableng pangkabuhayan at kumikitang agribusiness para sa mga maliliit na magsasaka sa sektor ng cacao sa Mindanao. Layunin ng RIISA na direktang suportahan ang 5,400 maliliit na magsasaka, kung saan 40% sa kanila ay kababaihan, at naglalayong hindi direktang suportahan ang 25,000 kababaihan at kalalakihang maliliit na magsasaka sa pamamagitan ng mga kooperatiba, asosasyon, pampublikong institusyon, at maliliit at katamtamang negosyo (SMEs) sa loob ng sektor.

Isa sa mga pangunahing estratehiya na ginagamit ng MEDA upang makamit ang mga layunin ng RIISA Project ay ang pagpapatupad ng Strategic Learning Agenda (SLA). Sa ilalim ng SLA, nilalayon ng PPSA na bumuo ng iba't ibang learning materials na idinisenyo upang itaguyod ang sustenableng pangkabuhayan pati na rin ang paggamit ng Gendered-Environmental, Social, and Governance (G-ESG) practices na nakatutulong sa pagkakaroon ng disenteng trabaho, partikular sa industriya ng cacao sa Pilipinas. Bilang bahagi ng mga learning materials, bumuo ang SLA team ng isang G-ESG module na sumusuporta sa mga negosyo at kooperatiba ng cacao, at tumutugon sa learning question number two ng SLA:

- Ano ang mga synergies at trade-offs sa pagitan ng mga layunin ng ESG at pag-unlad ng ekonomiya sa industriya ng cacao?
- Paano masosolusyonan ang mga trade-offs na ito upang matiyak ang pangmatagalang sustainability at resilience ng mga sistema ng pagsasaka ng cacao?

Nilalayon ng G-ESG Module na ito na makamit ang mga sumusunod:

- Ipakilala ang konsepto ng G-ESG sa agribusiness, na may pagtuon sa mga negosyo at kooperatiba ng cacao, habang ipinapakita ang kaugnayan nito sa ibang mga produkto at kalakal;

- Bigyang-diin ang gendered aspects ng mga isyu sa kapaligiran, panlipunan, at pamamahala sa agribusiness;
- I-highlight ang mga praktikal na halimbawa ng G-ESG integration, na nagtatampok ng mga kwento ng tagumpay mula sa mga kasosyo ng RIISA; at
- Ipakita kung paano maaaring magdulot ng positibong pagbabago ang mga aktibidad ng G-ESG, na tumutugon sa mga pangangailangan at priyoridad ng kababaihan, at kumukuha ng mga pagbabago sa gender at social norms, pag-uugali, at practices sa antas ng maliliit na magsasaka, sa loob ng mga kooperatiba, at sa buong komunidad sa pamamagitan ng mga interbensyon ng RIISA.

Upang gawing mas accessible ang pagkatutuo ng G-ESG at masigurong naisasama ito sa proseso ng produksyon, ang capacity-building program na ito ay ipapaabot sa mga cacao-based SMEs, kooperatiba, miyembro ng cacao council, at iba pang stakeholder sa sektor.

# Talaan ng Nilalaman


| | | |
|---|---|---|
| I | Pangkalahatang-ideya ng Module | 8 |
| II | Pagsasama ng G-ESG sa Estratehikong Plano ng Negosyo: Isang Balangkas o Framework | 9 |
| III | Ano and Vision o Pangarap? | 11 |
| IV | Ano ang Mission o Misyon? | 15 |
| V | Paggawa ng mga Layunin ng Inyong Enterprise | 19 |
| VI | Paggamit ng KRAPI Method | 21 |
| VII | Paano natin Mailalapat ang G-ESG sa KRAPIs? | 24 |
| VIII | Ano ang Right-to-Left Planning? | 30 |
| IX | Estratehiya, Programa, at Pinagkukunang-yaman | 31 |
| X | Checklist para sa Integrasyon ng G-ESG | 36 |




# Module 2

## *Estratehikong Pagpapaplano gamit ang G-ESG*



# Pangkalahatang-ideya ng Module

Mula sa nakaraang modyul, natutunan natin na may mas maayos, responsable, at pangmatagalang paraan ng pagpapatakbo ng isang negosyo. Posible ang pagkakaroon ng negosyo na hindi lang nakatuon sa kita, kundi tumutulong din sa komunidad, nagpoprotekta sa kalikasan, nagsusulong ng katarungan, at lumilikha ng disenteng hanapbuhay—habang nananatiling matatag ang kabuhayan. Sa pamamagitan ng Gendered-Environmental, Social, Governance o G-ESG, kaya nating bumuo ng maliliit na negosyo na may malaking epekto

Layunin ng modyul na ito na bigyang-kakayahan ang mga community-based entrepreneurs na maisama ang mga prinsipyo ng G-ESG sa kanilang bisyon, misyon, layunin, at mga plano sa negosyo. Mula sa pag-unawa kung ano ang hitsura ng isang sustainable at inclusive na negosyo, dadalhin tayo ng modyul na ito sa kung paano maisasalin ang mga ideyang ito sa mga *practical strategies, programs, activities, and performance targets (KRAPIs)*

**Pagkatapos ng modyul na ito, inaasahang magagawa ng mga kalahok ang sumusunod:**

- Mas maunawaan kung paano gumagana ang G-ESG framework at kung paano ito makakatulong sa kanilang mga maliliit na negosyo o kabuhayan.
- Makabuo ng Vision, Mission, at Objectives (VMOs) na naka-integrate ang G-ESG, at maisalin ito sa mga tiyak na gawain at sukatan ng tagumpay (KRAs at KRAPIs)
- Makapagdisenyo ng mga estratehiya, programa, at aktibidad na nagpapakita ng prinsipyo ng G-ESG.
- Mahasa sa pagresolba ng mga problema at makapagplano nang praktikal gamit ang malinaw at sistematikong paraan ng strategic planning — mula simula hanggang dulo.

# Pagsasama ng G-ESG sa Estratehikong Plano ng Negosyo: Isang Balangkas o Framework

## Activity: Libre lang Mangarap!

- Kumuha ng papel na mayroong hati sa gitna.
- Sa pagitan ng pagguhit, ilarawan ang mga problema sa iba't-ibang larangan ng inyong komunidad. Gamitin ang kaliwang parte ng papel para dito.
- Sa kanang parte ng papel, ilarawan ang pangarap ninyo para sa inyong komunidad. ***Ano ang gusto ninyo mangyari sa komunidad sa loob ng sampung taon?***
- Sa gitna, isulat kung ano ang gagawin ng inyong organisasyon upang maitawid ang komunidad mula sa problema patungo sa pangarap.



## Sample Activity Sheet

**Mga Problema sa iba't-ibang Larangan ng Inyong Komunidad**

**Mga Pangarap Niyo para sa Inyong Komunidad**

**Ano ang gagawin ng inyong organisasyon upang maitawid ang komunidad mula sa problema patungo sa pangarap?**


## Activity: Ano ang natutunan natin?



Mula sa ginawa nating activity, natutunan nating tukuyin kung ano ang mga hamon na kinakaharap ng inyong komunidad, ano ang pangarap ninyo para dito, at ano ang mga hakbang na pwedeng gawin para makamit ang pangarap na ito. Ang tawag sa ginawa nating exercise ay **Vision Boarding**.

### Ano ang Vision Boarding?

Ang Vision Boarding ay isang malikhaing paraan para mailarawan ang ating mga layunin at pangarap. Gumagamit tayo dito ng mga larawan, salita, o simbolo na kumakatawan sa gusto nating marating — para magkaroon tayo ng paalala kung ano ang ating tinatarget. Hindi lang ito basta paggawa ng poster; ito ay isang paraan para buuin ang ating intensyon, manatiling inspirado, at unti-unting maisakatuparan ang ating mga pangarap.



## Ano ang Vision o Pangarap?

Ang **Vision** para sa isang organisasyon ay kung saan nito nais makarating o ang destinasyon nito. Ito ang pinakahuling layunin o pangarap na nais nitong makamtan balang araw. Sa ideal na kalagayan, ang isang vision ay dapat may kakayahang hikayatin at pukawin ang bawat isa sa organisasyon na gampanan ang kanilang papel nang buong husay at buong puso.

Ito ay dapat maging makabuluhan at nakaaantig at sapat upang magbigay ng inspirasyon sa mga tao na bumangon araw-araw, nang may sigasig at walang kapaguran.

Ito ang ilang halimbawa ng mga gabay na tanong na maaaring gamitin sa pagbuo ng vision para sa inyong negosyo o komunidad

- *Ano ang nais mong makamit sa loob ng limang taon?*
- *Ano ang gusto mong marating?*
- *Ano ang nais mong maabot ng iyong cacao farm o small enterprise*?

## Halimbawa ng Vision o Pangarap



**Sa loob ng tatlong taon, bilang isang magsasaka na sumunod sa mga prinsipyo ng G-ESG – aasa akong umasenso at matutulungan ko ang aking pamilya nang hindi nakakasira sa kalikasan o kapaligiran.**

## Halimbawa ng Vision o Pangarap ng Mga Cacao Enterprises

*"Sa loob ng tatlong taon, ang aming cacao farm ay magiging magaling, konsistent at istedy na supplier ng cacao para sa Auro Chocolate. Bilang kanilang supplier, ang aming farm ay magiging responsable at sensitibo sa aming pamamalakad, makakalikasan sa aming mga kaparaanan, at patas sa pagbibigay ng oportunidad sa aming mga trabahador at trabahadora."*



*"Sa loob ng tatlong taon, makikilala ang aming tindahan ng cacao products bilang isa sa pinaka tanyag sa Pilipinas. Makikilala kami bilang isa sa may pinakamasarap na mga produktong cacao at tsokolate, na humahango sa pinaka sustenableng mga supplier at bilang negosyong nagbibigay ng patas na oportunidad sa lahat ng kasarian, mga grupong IP at sa mga nakatatanda sa ating lipunan."*



## Halimbawa ng Vision o Pangarap ng Mga Cacao Enterprises



*"Sa loob ng tatlong taon, ang aming cacao farm ay magiging magaling, konsistent at istedy na supplier ng cacao para sa Auro Chocolate. Bilang kanilang supplier, ang aming farm ay magiging responsable at sensitibo sa aming pamamalakad, makakalikasan sa aming mga kaparaanan, at patas sa pagbibigay ng oportunidad sa aming mga trabahador at trabahadora."*

*"Sa loob ng tatlong taon, makikilala ang aming tindahan ng cacao products bilang isa sa pinaka tanyag sa Pilipinas. Makikilala kami bilang isa sa may pinakamasarap na mga produktong cacao at tsokolate, na humahango sa pinaka sustenableng mga supplier at bilang negosyong nagbibigay ng patas na oportunidad sa lahat ng kasarian, mga grupong IP at sa mga nakatatanda sa ating lipunan."*



## Ano ang Vision Statement?

Ang **vision statement** ay isang malinaw at maikli pero makabuluhang pahayag ng iyong pangarap para sa hinaharap ng iyong negosyo, kabuhayan, o komunidad. Ito ang direksyong gusto mong tahakin—kung ano ang gusto mong marating o makita sa mga susunod na taon.

## Aktibidad: Mga Vision Statements para sa mga Negosyo

Ngayong nakapagbahagi na kayo ng mga pangarap ninyo, subukan naman nating isulat ang sarili ninyong 'vision statement' para sa inyong cacao farm o negosyo/enterprise. Maaring humugot ng ideya mula sa mga halimbawa—gawin ninyong personal, makabuluhan, at bagay sa pangarap niyo para sa inyong kabuhayan at komunidad.

### Mga Halimbawa ng mga Vision Statements

| | |
|---|---|
| MEDA<br>Creating business solutions to poverty | *That all people may unleash their God-given potential to earn a livelihood, provide for families and enrich communities.* |
|  | *Layunin ng programang ito na bigyang-lakas ang mga magsasaka ng kakaw sa Pilipinas sa pamamagitan ng buo at tuloy-tuloy na suporta para mapataas ang ani, kita, at kalidad ng kanilang pamumuhay.*<br><br>*Ginagawa ito sa pamamagitan ng mas makakalikasang pagsasaka, mas madaling pag-access sa merkado, at patas na presyo. Sa ganitong paraan, nakatutulong ito sa pag-unlad ng mga masigla at maunlad na pamayanang rural.* |

## Ano ang Mission o Misyon?




Ang **mission o misyon** ay isang malinaw at maikling pahayag ng layunin ng isang tao, negosyo, o organisasyon. Ipinapakita nito kung ano ang ginagawa, para kanino ito ginagawa, at paano ito isinasagawa. Sa madaling salita, ang misyon ay nagsisilbing gabay sa pang-araw-araw na gawain at desisyon.

Bilang indibidwal ang misyon ay nagsasabi kung ano ang ating pinahahalagahan, kung paano natin gustong tumulong sa ibang tao, at kung paano natin gustong mabuhay. Ang pagkakaroon ng personal na misyon ay nakakatulong para magkaroon ng malinaw na direksyon at layunin sa ating mga desisyon at gawain.

Pagdating naman sa isang negosyo, tulad ng maliit na cacao farm o community enterprise, ang misyon ay tumutukoy sa pangunahing layunin ng kanilang operasyon. Hindi lamang ito tungkol sa kita, kundi pati na rin sa pagbibigay ng benepisyo sa komunidad, sa mga empleyado, at sa kalikasan. Halimbawa, kung ang layunin ng inyong negosyo ay makatulong sa mga kababaihan sa komunidad o magpatupad ng makakalikasang paraan ng pagsasaka, maaaring isama ito sa inyong mission statement.

## Ano ang Mission Statement?

Ang **mission statement** ay ang nakasulat at pormal na pahayag ng misyon. Ito ay karaniwang maikli ngunit malinaw, at ginagamit bilang gabay sa mga desisyon, estratehiya, at direksyon ng isang negosyo o indibidwal

Mga halimbawa ng mission statement:

***Pinapangako ko na ako'y mag-pupursige sa pag-papagaan ng buhay ng aking pamilya.***

***Pinapangako ko na makikisama ako nang maayos at pantay sa aking mga katrabaho, aalagaan ng maayos and yamang lupa at kalikasan na siyang bumubuhay sa amin/na aking pinagkukunan ng kabuhayan.***



## Halimbawa ng Mission ng mga Cacao Enterprises



***Nangangako kaming:***
- *Itataas ang kalidad ng aming mga produkto;*
- *Gagawing epektibo at efficient ang aming operasyon;*
- *Gagawing sustainable ang aming mga kaparaanan sa pagtatanim at pag-aani;*
- *Bibigayan ng pantay na oportunidad ang bawat kasarian at lahat ng tao;*
- *Makakaroon ng magandang ugnayan sa aming komunidad.*

***Ang aming pamunuan ay nangangako na:***
- *Gagawa kami ng mga world class cacao products;*
- *Gagawing mabilis at epektibo ang aming operasyon;*
- *Susuportahan ang mga sustainable suppliers;*
- *Magbibigay ng oportunidad sa mga sektor ng lipunan na nangangailangan*
- *Patatakbuhin ang negosyo ayon sa nararapat na kaparaanang: katuwiran, katapatan at sensitibo*



**Testing natin! Narito ang ilang gabay na tanong na makakatulong sa paggawa ng inyong sariling misyon at mission statement:**

- Ano ang ginagawa ninyo o pinapangakong gawin sa araw-araw?
- Ano ang layunin o pakay ninyo sa inyong pagnenegosyo?
- Ano ang mga pangako ninyo para sa inyong mga customer, sa pamilihang inyong pinaglilingkuran, sa inyong mga katuwang at mamumuhunan, at sa inyong mga empleyado?
- Anong mga pangako ang kaya ninyong ibigay para sa komunidad sa inyong paligid at sa loob ng inyong samahan?

## Activity: Mission: Mga Pangako

Umakda ng iyong sariling “mission statement” para sa iyong cacao farm or small enterprise. Gayahin o ihalintulad sa mga example na ibinigay ang inyong ilalathala.

### Mga Halimbawa ng mga Mission Statements ng mga Organisasyon

| | |
|---|---|
| MEDA<br>Creating business solutions to poverty | *To create business solutions to poverty* |
| kennemer<br>ECO SOLUTIONS | *We are committed to developing rural communities by promoting market transparency, providing fair value pricing for produce, boosting farmer productivity and implementing sustainable farming practices.* |

## Mission: Halimbawa (G-ESG) - Beyond Tree-to-Bar



Auro Chocolate goes beyond tree to bar by closely involving ourselves in every step of the process while remaining committed to consistency, quality, innovation and social impact. We involve ourselves in every step of the fine chocolate making process to guarantee better quality and consistency for our customers.

By going beyond, we commit to our values that reflect the significance of the tree-to-bar process in creating a long-lasting impact for our stakeholders as we source and produce within the same origin.

## Ano ang natutunan natin sa ginawang activities?


Ang bawat enterprise ay nagsisimula sa matayog na pangarap at malalim na misyon.



## Paggawa ng mga Layunin ng Inyong Enterprise

Ang mga **layunin** ay ang mga tiyak, malinaw, at nasusukat na hakbang na kailangang gawin upang makamit ang mas malawak na misyon at pangarap ng isang negosyo o gawain.

Kung ang pangarap ay ang nais marating sa hinaharap, at ang misyon ay kung bakit mo ito ginagawa, ang mga layunin naman ay kung paano mo ito mararating.




| Misyon/Mga Pangako | Mga Gabay Layunin | Mga Layunin |
|---|---|---|
| Itataas ang kalidad ng aming mga produkto; | Layuning pang-customer | Maging loyal at masaya ang aking kostumer |
| Gagawing mabilis at epektibo ang aming operasyon; | Layuning Pang negosyo/Pang pinansyal | Kumita ng mas higit sa kalaban |
| Gagawing sustainable ang aming mga kaparaanan sa pagtatanim at paghahango; | Layuning Kalikasan | Maging sustenable at 'di nakasisira ng kalikasan |
| Bibigyan ng pantay na oportunidad ang bawat kasarian at lahat ng tao; | Layuning Komunidad/Lipunan | Magkaroon ng magandang relasyon |
| Makakaroon ng maganda ugnayan sa aming komunidad | Layuning Komunidad/Lipunan | Maging mabuting parte ng komunidad |

| Misyon/Mga Pangako | Mga Gabay Layunin | Mga Layunin |
|---|---|---|
| Gagawa ng mga world class cacao products; | Layuning Merkado | Maging world class ang mga produkto ng kumpanya; |
| Gagawing episyente ang aming operasyon; | Layuning Pinansyal | Sisiguraduhin ang tamang kita sa negosyo; |
| Susuporta lamang sa mga sustainable supplier; | Layuning Kalikasan | Magkaroon ng mga supplier na sumusunod sa mga prinsipyo ng sustainable na kaparaanan at lenteng G-ESG; |
| Magbibigay ng oportunidad sa mga sektor ng lipunan na nangangailangan; | Layuning Komunidad/Lipunan | Magkaroon ng patakaran para sa pagpapa-unlad ng manggagawa mula sa mga sektor ng lipunan na nangangailangan; |
| Patatakbuhin ang negosyo ayon sa nararapat na kaparaanang: katuwiran, katapatan at sensitibo (good governance). | Layuning Pamunuan | Susunod sa prinsipyo ng good governance: tuwid, tapat at sensitibo |

## Aktibidad: Misyon: Mga Layunin

Umakda ng listahan ng sariling mga layunin para sa iyong cacao farm or small enterprise. Gayahin o ihalintulad sa mga halimbawa na ibinigay ang inyong ilalathala.

### Sample Activity Sheet

| Misyon/Mga Pangako | Mga Gabay Layunin | Mga Layunin |
|---|---|---|
| | | |
| | | |

## Paggamit ng KRAPI Method


Ang KRAPI ay isang acronym na ginagamit sa paggawa ng mga layunin at performance indicators ng isang negosyo o proyekto. Ito ay nangangahulugang:

| K | R | A | P | I |
|---|---|---|---|---|
| Key | Result | Areas and | Performance | Indicators |

## Ano ang Ibig Sabihin Nito?

**Ang Key Result Areas (KRA)** – Ito ang mahahalagang bahagi o larangan ng iyong negosyo na kailangang pagtuunan ng pansin. Halimbawa: produksyon, pagbebenta, kalidad ng produkto, o kasiyahan ng customer.

**Habang ang Performance Indicators (PI)** – Ito naman ang mga tiyak at nasusukat na batayan para malaman kung naging matagumpay ang mga gawain sa bawat KRA. Halimbawa: ilang kilo ang naiproduce, ilang customer ang naabot, ilang training ang naisagawa.




*Isang diagram kung paano nakakatulong ang mga indicator sa pagsuporta at pagtupad ng misyon ng proyekto.*

## Layunin ng Paggamit ng KRAPI

Ginagamit ang KRAPI upang:
- Mailinaw ang direksyon ng isang negosyo o proyekto,
- Masuri kung epektibo ang mga ginagawa,
- At matiyak na ang mga layunin ay nasusukat at natutugunan.

Sa madaling sabi, ang KRAPI ay isang gabay upang masukat at mapabuti ang pagganap ng isang negosyo batay sa mga malinaw at tiyak na resulta.

## Halimbawa ng KRAPI

| Mga Gabay sa Layunin | Mga Layunin | Key Result Areas | Performance Indicators |
|---|---|---|---|
| Layuning Customer | Maging loyal at masaya ang aking kostumer; | Porsyento ng kuha sa akin | 100% |
| Layuning Pang negosyo/Pang pinansyal; | Kumita ng mas higit sa kalaban; | Malinis na kita kada hango | P50,000.00 |
| Layuning Kalikasan; | Maging sustainable at 'di nakasisira ng kalikasan; | Susuporta lamang sa mga sustainable supplier; | 100% |
| Layuning Komunidad/Lipunan; | Magkaroon ng magandang relasyon sa mga manggagawa at komunidad; | Porsyento ng trabahador na mula sa IP | 50% |
| Layuning Komunidad/Lipunan | Maging mabuting miyembro ng komunidad; | Di magandang insidente sa komunidad | 0 |
| Layuning Merkado | Gagawa ng mga world class cacao products; | Porsyento na pasok sa global istandard | 70% |
| Layuning Pinansyal | Gagawing episyente ang aming operasyon; | Porsyento ng malinis na kita kada taon | 20% |
| Layuning Kalikasan | Susuporta lamang sa mga sustenableng supplier | Porsyento ng hango mula sa sustenableng supplier | 100% |
| Layuning Komunidad/Lipunan | Magbibigay ng pantay na oportunidad lalo na sa mga kababaihan at kabataan | Porsyento ng trabahador/a mula sa minorities | 70% |
| Layuning Pamunuan | Susunod sa prinsipyo ng good governance: tuwid, tapat at sensitibo | Insidente ng maling pamamalakad | 0 |

## Paano natin mailalapat ang G-ESG sa KRAPIs?

| | |
|---|---|
| **Magsimula sa Gender Analysis** | • Tanungin: Paano magkaiba ang partisipasyon ng mga babae at lalaki sa ating negosyo o operasyon?<br>• Tukuyin ang mga balakid (halimbawa: kulang ang access ng kababaihan sa lupa, pautang, o pagsasanay; may agwat sa sahod o kaunting pagkakataon sa pamumuno) |
| **Itakda ang mga KRAs na Kumukilala sa Gender Dynamics** | • Sa halip na generic na KRA, gawin itong mas inklusibo:<br>• Itaguyod ang pantay na partisipasyon ng babae at lalaki sa trabaho<br>• Siguraduhin ang patas na access sa mga yaman at benepisyo |
| **Gawing Disaggregated ang Performance Indicators** | • Palaging mag-ipon ng datos na nakahiwalay ayon sa kasarian (babae, lalaki, minsan edad o kapansanan) |
| **Isama ang Parehong Dami (Quantitative) at Kuwento/Karanasan (Qualitative)** | • **Quantitative:** % ng kababaihan sa pamumuno, gender pay gap, % ng kababaihan na nakakuha ng pautang.<br>• **Qualitative:** pananaw ng kababaihan sa inklusibong kapaligiran, antas ng empowerment, pakiramdam ng seguridad sa trabaho. |

## Paano natin mailalapat ang G-ESG sa KRAPIs?

| | |
|---|---|
| **Isama ang Gender sa Lahat ng ESG Dimensions** | • **Governance:** % ng kababaihan sa mga posisyong namumuno<br>• **Environmental:** % ng kababaihan na gumagamit ng climate-smart practices<br>• **Social:** % na pagtaas ng kita ng kababaihan kumpara sa kalalakihan |
| **Gumamit ng Gender-Sensitive na Wika sa KRAPIs** | • Sa halip na "pagsuporta sa mga empleyado," gamitin ang "pagsuporta sa lahat ng empleyado anuman ang kasarian sa pagkuha ng benepisyo."<br>• Sa halip na "paglinang ng mga lider," gamitin ang "paglinang ng pantay na pagkakataon sa pamumuno para sa babae at lalaki." |
| **Isali ang Kababaihan at mga Marginalized Groups sa Proseso** | • I-validate ang KRAs at indicators sa pamamagitan ng konsultasyon sa mga babaeng miyembro, kawani, at stakeholders.<br>• Nagsisiguro ito na ang mga sukatan ay naka-base sa totoong karanasan at hindi haka-haka lamang. |
| **I-ayon sa Pandaigdigang Pamantayan sa Gender at ESG** | • UN Sustainable Development Goal 5 (Gender Equality)<br>• IFC Gender & ESG Toolkit<br>• Women's Empowerment Principles (WEPs) |

## Aktibidad: KRAPI: Mga Nais Makamtan - Punan ang mga Patlang

Isulat ang sarili mong mga KRAPI (Key Result Areas at Performance Indicators) batay sa mga layuning nailahad mo para sa iyong cacao farm o maliit na negosyo. Maaaring gamitin bilang gabay ang mga halimbawang ibinigay upang mas mapadali ang pagbuo ng iyong KRAPI.

| Mga Gabay sa Layunin | Mga Layunin | Key Result Areas | Performance Indicators |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |



**May iba't ibang estratehiya na maaaring gamitin upang maisama ang G-ESG sa mga estratehiya ng inyong negosyo.**

**Magkakaiba ang mga estratehiyang ito depende sa aspeto ng negosyo na kailangang bigyang-pansin.**

**Narito ang ilang halimbawa na maaaring gawing gabay:**







Maaaring kumonsulta sa eksperto o pag-aralan ang demo farm upang matutunan ang sustenableng pamamalakad. Iangkop ito sa sariling bukirin para matugunan ang prinsipyo ng G-ESG.




Maging maalam sa mga prinsipyo at praktikal na paraan ng G-ESG. Siguruhing mahigpit itong naipapatupad sa lahat ng bahagi ng operasyon, at isama ang bawat kasangkot, mula sa mga manggagawa hanggang sa mga katuwang—sa pagtataguyod ng isang makatarungan, sustenable, at inklusibong kultura, pananaw, at gawain sa negosyo

## Activity: Istratehiya: Mga Kaparaanan

Isulat ang sarili mong estratehiya na magsisilbing gabay sa pagtahak ng iyong farm, small enterprise, o organisasyon patungo sa iyong vision, at magsasakatuparan ng iyong mga pangako at layunin. Maaaring sundan o ihalintulad ito sa mga halimbawang ibinigay.


### Halimbawa ng Table

| Istratehiya | Mga Programa | Mga Gawain / Activity | Mga Pangangailangan |
|---|---|---|---|
| *Maaaring kumonsulta sa eksperto o pag-aralan ang demo farm upang matutunan ang sustenableng pamamalakad. Iangkop ito sa sariling bukirin para matugunan ang prinsipyo ng G-ESG.* | Pangkalahatang Training sa G-ESG (mula sa demo farm) | Kumontak ng demo-farm/NGO paukol dito at umattend ng mga seminar nila | Peso: NGO-sponsor |
| | | | |
| | | | |

| Istratehiya | Mga Programa | Aktibidades | Mga Pangangailangan |
|---|---|---|---|
| *Maging maalam sa mga prinsipyo at praktikal na paraan ng G-ESG. Siguruhing mahigpit itong naipapatupad sa lahat ng bahagi ng operasyon, at isama ang bawat kasangkot, mula sa mga manggagawa hanggang sa mga katuwang—sa pagtataguyod ng isang makatarungan, sustenable, at inklusibong kultura, pananaw, at gawain sa negosyo* | Itaguyod ang mga patakarang G-ESG | Mag ”writeshop” kasama ang lahat ng mga kinatawan ng organisasyon | Expert facilitator; Peso: Sponsoring NGO |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

## Ano ang Right-to-Left Planning?

Ang **right-to-left planning** ay isang uri ng proseso ng pagpaplano kung saan ang mga hakbang ay inaayos mula sa simula patungo sa inaasahang resulta o layunin. Ibig sabihin, nagsisimula ito sa kung ano ang kasalukuyang kalagayan, tapos unti-unting binubuo ang mga hakbang patungo sa target na estado o goal. Para itong pagsunod sa kwento mula umpisa hanggang dulo.



## Estratehiya, Programa, at Pinagkukunang-yaman

Kapag natukoy na ng isang organisasyon ang mga hangarin o pangarap nito, maaari na itong magpatuloy sa pagdedesisyon kung aling mga landas ang dapat tahakin.

Sa management, ito ay tinatawag na pagbuo ng mga istratehiya, at kasama rito ang pagsagot sa tanong: “Ilan at anong mga paraan ang maaaring gawin ng organisasyon upang maabot ang mga O-KRAPI na dati na nitong itinakda?”

Sa paggawa nito, inuugnay ng strategizing ang mga hangarin ng organisasyon sa mga kongkretong hakbang na kailangang isagawa upang makamit ang mga ito.

## Paglalahad at Pagpapresenta ng Estratehiya

Tandaan na ang mga istratehiya ay maaaring ipresenta batay sa bawat tungkulin o bahagi ng negosyo (Marketing, Operations, HR and Finance).

Kasama sa mga layunin ng mga istratehiya ang pagpapahusay ng negosyo na magdudulot ng mas mataas na kita, tubo, at benepisyo; pagpapalawak ng bahagi sa merkado at pagpapalakas ng katapatan ng mga kostumer.

Ang pagsasama ng prinsipyo G-ESG sa isang negosyo ay nangangahulugan ng pagpapahusay ng mga istratehiya upang matiyak na isinasaalang-alang nito ang mga gender-sensitive na pamamaraan, pangangalaga sa kalikasan, pagiging inklusibo sa lipunan, at makatarungang pamamahala.

**Anong mga aspeto ng G-ESG ang maaari nating isama sa ating mga istratehiya at programa sa pagmemerkado, operasyon, yamang-tao, at pananalapi?**

## Mga Halimbawa: Value Chain Initiatives of Auro Chocolate



*All stakeholders are treated equally and fairly with respect and dignity.*

*No child and forced labor.*

*Land rights of communities, including indigenous peoples must be protected.*

*Commitment to deliver programs that contribute to the improvement of the quality of life of partner farming communities*

*Environmental impact must be considered at all times with the goal of enhancing biodiversity and becoming carbon/climate positive by 2025*

*Traceability must be ensured across the supply chain*

*Health and safety must not be compromised*


*Promotion of directly-sourced local ingredients in order to improve quality and farmer income*

*Business is conducted in compliance with applicable laws and does not engage in bribery or any other unlawful practices that compromises integrity*

## Mga Sangkap o Inputs (Resources)

*Sa right-to-left planning, ang inputs ang unang isinasaalang-alang – ito ang mga kailangang resources tulad ng binhi, abono, kagamitan, pondo at kaalaman. Mula sa mga input na ito, binubuo ang mga susunod na hakbang patungo sa inaasam na inaasam na output at layunin. Mahalaga ang tamang pagpili ng input upang masiguro ang epektibong daloy ng buong plano.*

### Ang 6 na Aspeto ng Pangunahing Sangkap




## Workshop Activity: Paggawa ng G-ESG KRAPI

*Magdisenyo ng iba't ibang estratehiya at programa upang maisakatuparan ang iyong G-ESG KRAPI, at tukuyin ang mga kailangang resources para sa bawat estratehiya at programa. Gamitin ang worksheet sa susunod na pahina bilang gabay.*

| Stratehiya at Programa | Resources (5Ms) |
| --- | --- |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

| KRAPIs | Stratehiya | Programa |
| --- | --- | --- |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

## Checklist para sa Integrasyon ng G-ESG

| | Gender (Kasarian / Inclusivity) |
|---|---|
| | May gender policy na nakapaloob sa operasyon. |
| | May pantay na oportunidad para sa kababaihan at kalalakihan sa trabaho, pagsasanay, at pamunuan. |
| | May malinaw na anti-harassment at gender-sensitive workplace policies. |
| | Isinasama ang gender lens sa lahat ng ESG reporting at data (sex-disaggregated data). |
| | May aktibong pagkilala at pagsuporta sa kababaihan at youth entrepreneurs. |

| | Environmental (Kalikasan) |
|---|---|
| | Gumagamit ng climate-smart o sustainable agricultural/business practices (e.g., organic inputs, waste reduction, energy efficiency). |
| | May regular na pagsukat ng gamit ng tubig, enerhiya, at lupa. |
| | May programa para sa waste management, recycling, at circular practices. |
| | May pagsubaybay o inisyatibo para sa GHG emissions reduction. |
| | Aktibong nagpo-promote ng biodiversity protection (e.g., tree planting, soil health). |
| | Nakadaragdag ba ang ating produksyon sa soil erosion, acidification, at soil fertility? |
| | Nagreresulta ba sa labis na basura ang ating proseso ng produksyon? Mayroon ba tayong pwede i-reduce, i-reuse at i-recycle? |

## Checklist para sa Integrasyon ng G-ESG

| | Social (Panlipunan) |
|---|---|
| | Tumataas ang kita ng miyembro/empleyado kumpara sa baseline. |
| | May decent work policies (minimum wage, safety, social protection). |
| | Nagbibigay ng regular na training at capacity-building. |
| | May mekanismo para sa feedback at grievance redressal ng mga miyembro at empleyado. |
| | May bahagi ng kita na ibinabalik sa komunidad (e.g., scholarships, health programs, local projects). |

| | Governance (Pamamahala) |
|---|---|
| | May malinaw na G-ESG policy na naka-integrate sa aming mission/vision. |
| | Regular na nagre-report ng ESG performance sa board/miyembro/investors. |
| | May diverse at representatibong pamunuan (may kababaihan, kabataan, iba't ibang sektor). |
| | May umiiral na anti-corruption, transparency, at accountability policies. |
| | May sistema para sa risk management (environmental, social, financial, governance). |

## References


Auro Chocolate. (n.d.). *About Us*. https://aurochocolate.com/pages/about-us

Bakker, S. (n.d.). Sustainability is Everybody's Business: A Thought Leadership Article. MEDA Philippines and Philippines Partnership for Sustainable Agriculture (PPSA). https://drive.google.com/file/d/1qWJ3rV4i-ZLQLPklybl6INLjXmkNH-a_/view?usp=sharing

Krainer, D., Jones, L., Karim, S., & Turner, K. (2018). *The GEM Framework: Gender Equality Mainstreaming for Business Growth and Impact - A Step-by-Step Manual for Investors and Capacity Builders.* Mennonite Economic Development Associates. https://drive.google.com/file/d/1pxTxWBjKrNsCK8VS_ocL6wllxIeD9fr_/view?usp=drive_link

Mennonite Economic Development Associates. (2024, May 15). *Resilience and Inclusion through Investment in Agrikultura (RIISA) Project Annual Results Report* (Project Number P008973). (Reporting Period: April 1, 2023 – March 31, 2024). https://drive.google.com/file/d/1KxjRp6ZOpdxCyivdPRus33kNDMlAQpkX/view?usp=sharing

Mennonite Economic Development Associates. (2023a, August 29). *Creating Business Solutions to Poverty: A Presentation of the Project's Performance Management Framework (PMF).* https://drive.google.com/file/d/1kE6euNGGQh5T9MdWvSk4ZuZoIp3Rmg0h/view?usp=sharing

*Mennonite Economic Development Associates. (2023b, August 29). Understanding G-ESG in Agribusiness: What it is, its synergies, and trade offs?* https://drive.google.com/file/d/1r7s7x-3BP07YLlUhzSgVVRGyQAMAlU1y/view?usp=sharing

Valones, R. & King, J.. (2022, November 15). Integrated Cacao Market Systems Analysis for Mindanao, Philippines. MEDA Philippines. https://drive.google.com/file/d/13B8hvXDps9qDomiF6b9QTugmV0LMIHFo/view?usp=sharing

Vanidad, S. H., Limpin, V., Milano, M. M., & Bautista, M. A. P. (2024). *The Business Case for G-ESG Approaches: Lessons from Four Cacao Enterprises in the Philippines*. Philippines Partnership for Sustainable Agriculture; Mennonite Economic Development Associates. https://docs.google.com/document/d/1rz8juijAznuCW_vVBOD4hyyzjgLtscwH/edit?usp=drive_link&ouid=112586330375778997449&rtpof=true&sd=true

## Annex

### Annex A: Pilot Testing Activity Workshop on VMO Outputs

#### COOPERATIVE A

**EXISTING VISION**

A financially-stable cooperative in the Region  that provides friendly multi-services and quality agri-products to its clienteles.

**NEW VISION**

**By 2030, our cooperative will be a model of gender-fair, environmentally sustainable, and socially responsible enterprise, leading Mindanao toward shared prosperity and resilience.**

**EXISTING MISSION**

We commit to empower our people, produce excellent products and services and satisfy all our clienteles, needs, as and active player in community development and nation building

**NEW MISSION**

**Cooperative B commits to provide accessible, high-quality, and gender-fair cooperative services that empower our members, care for the environment, uphold transparency and accountability, and contribute to inclusive nation-building for the betterment of society.**

## Annex

**Annex B: Pilot Testing Activity Workshop on VMO Outputs**

### COOPERATIVE B

#### EXISTING VISION

A leading cooperative producing and processing quality cacao and other agricultural products in the region for domestic and international market.

#### NEW VISION

**To become the leading agrarian cooperative with millionaire members by empowering member farmers through sustainable livelihood and inclusive growth by 2030.**

#### EXISTING MISSION

Cooperative B commits to create opportunities that will:

- Improve the economic condition and livelihood of members
- Contribute to the social, cultural, spiritual and economic development of the community
- Promote good agricultural and sustainable farming practices as stewards of the Earth

#### NEW MISSION

**C**
**Empower small-scale farmers to achieve economic abundance by providing sustainable support through affordable credit, market access, and training services while creating a world class brand and by espousing the G-ESG principles.**

## Annex

### Annex C: Pilot Testing Activity Workshop on VMO Outputs

### COOPERATIVE C

#### EXISTING VISION

A Cooperative of responsible members prospering together through financial services, agri-entrepreneurship, and other allied services.

→

#### NEW VISION

**By 2035, Cooperative C envisions itself as a strong, sustainable, and environmentally responsible organization recognized for inclusive and gender-equal governance, social responsibility, and ethical leadership, empowering members and communities through equitable growth, financial resilience, and shared prosperity.**

#### EXISTING MISSION

To provide quality financial, agri-based and allied services, and ensure optimal utilization of cooperatives resources towards uplifting the well-being of members.

→

#### NEW MISSION

**Cooperative C is committed to empowering members and communities by providing gender-inclusive, sustainable, and market-responsive financial, agricultural, and allied services that uphold ethical governance, protect the environment, and enhance economic and social wellbeing.**

## Annex

### Annex D: Pilot Testing Activity Workshop on VMO Outputs

#### COOPERATIVE D

**EXISTING VISION**

To be the most trusted premium chocolate and tablea brand, honoring our rich cacao heritage while creating world class experiences that inspire joy, connection and pride in every cup and bite

**NEW VISION**

**By 2030, Cooperative D will be the most trusted world-class processor of high-value crops, crafting sustainable, artisanal, and premium products that honor the region's rich heritage, empower women and men farmers, and reflect integrity and excellence in every cup and bite.**

**EXISTING MISSION**

To craft exceptional chocolate and tablea that celebrate Davao's cacao heritage through ethical sourcing, artisinal quality and sustainable practices, delivering meaningful cacao experiences that connect people, honor our farmers, and enrich our community.

**NEW MISSION**

**Cooperative D crafts nutritious, premium, and artisanal products that celebrate the region's high-value crops. We work hand in hand with women and men farmers to promote sustainable, ethical, and inclusive farming practices, uplifting communities through integrity, transparency, and shared prosperity.**

## Annex

### Annex E: Pilot Testing Activity Workshop on VMO Outputs

#### COOPERATIVE E

**EXISTING VISION**

To become an exporting cocoa products company by 2025.

**NEW VISION**

**By 2030, Cooperative E will be a market leader in sustainable, gender-inclusive, and socially responsible cocoa production, championing quality, integrity, and shared prosperity in every community we serve.**

**EXISTING MISSION**

To provide safe and high quality cocoa products by complying the necessary regulatory requirements and by giving unique fine taste and tempting aroma to achieve customer satisfaction.

**NEW MISSION**

**We produce safe, high-quality, and sustainably sourced cocoa products that delight customers, empower gender-inclusive farming communities, and promote integrity, environmental care, and work-life balance within our organization.**

## Annex

### Annex F: Pilot Testing Activity Workshop on VMO Outputs

#### COOPERATIVE F

**EXISTING VISION**

A sustainable and empowered multi-purpose cooperative that is committed to uplift the lives of the member and enjoy the better quality of life.

**NEW VISION**

**By 2035, Cooperative F envisions itself as a sustainable, empowered, and environmentally responsible multi-purpose cooperative recognized for inclusive governance, ethical leadership, and community-centered enterprise, uplifting the lives of its members and fostering equitable growth and a better quality of life for all.**

**EXISTING MISSION**

Cooperative F provides goods and services responsive to the needs of member-owners and their communities in an environmentally friendly manner.

**NEW MISSION**

**Cooperative F provides sustainable, market-responsive goods and services that empower member-owners and their communities through inclusive governance, social responsibility, and environmentally responsible practices.**



PPSA

Philippines Partnership for Sustainable Agriculture

Philippines Partnership for Sustainable Agriculture
www.ppsa-ph.org
secretariat@ppsa-ph.org

**In collaboration with**

MEDA

In **partnership** with

Canada